8

# Modelong Banghay- Aralin sa Values Education

Kuwarter 3

Aralin

4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 3: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Angelita F. Aquino (Vicente P. Trinidad National High School)

**Tagasuri**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION / IKATLONG KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pakikipag-ugnayan sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba-iba ng paniniwala o relihiyon. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong paraan ng pakikipag-ugnayan sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba-iba sa paniniwala o relihiyon upang malinang ang pagiging magalang |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br><br>Nakapagsasanay sa pagiging magalang sa pamamagitan ng angkop na pagtugon kapag pinag-uusapan ang mga pagkakaiba-iba sa paniniwala ng iba't ibang paniniwala o relihiyon.<br><br>a. Naiisa-isa ang mga wastong paraan ng pakikipag-ugnayan sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba-iba sa paniniwala o relihiyon.<br>b. Napatutunayan na ang pakipag-ugnayan sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba-iba ng paniniwala o relihiyon ay pagtitiyak ng mapayapang pamumuhay kasama ang ibang tao.<br>c. Nakapaglalapat ng mga wastong paraan ng pakikagugnayan sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba-iba ng paniniwala o relihiyon |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | ***Magalang (Respect)*** |
| **E. Nilalaman** | Pakikipag-ugnayan sa Kapuwa sa Kabila ng Pagkakaiba-iba sa Paniniwala o Relihiyon |
| **F. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

Ang Mahalagang Papel ng Relihiyon sa Buong Mundo. (2017, June 1). Retrieved from, https://www.churchofjesuschrist.org/study/liahona/2017/06/religions-vital-global-role?lang=tgl

Cervantes, A. (2014, October 24). Mga relihiyon sa asya. SlideShare. Retrieved from https://www.slideshare.net/slideshow/mga-relihiyon-sa-asya-40702461/40702461

Diskriminasyon Batay sa Relihiyon. (n.d.). US EEOC. Retrieved from, https://www.eeoc.gov/fil/diskriminasyon-batay-sa-relihiyon


Kids, C. P. (2019, May 15). Open bible clipart black and white google search sunday school - Cliparting.com. Pinterest. https://www.pinterest.com/pin/pinterest--592223419730083806/

(2021, October 22). Mga Tanyag na Relihiyon sa Pilipinas. YouTube. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=T0FIk6IGrJE

Michael, P. (2020, January 16). Notepad clipart 2 image #20795. Pinterest. Retrieved from https://www.pinterest.com/pin/41447259058338309/

Paggalang sa paniniwala ng iba. (n.d.). Www.Youtube .Com. Retrieved May 18, 2024, from https://www.youtube.com/shorts/PTnQHKwT-Nc

Staff, D. (2023, June 22). What is Interreligious Dialogue? Dicastery for Interreligious Dialogue. https://www.dicasteryinterreligious.va/what-is-interreligious-dialogue/

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral (mula sa nakaraang aralin)**<br>Paano mo maipapakita ang paggalang sa seksuwalidad ng iyong kapuwa?<br>1.____________________<br>2.____________________<br>3.____________________<br>4.____________________<br>5.____________________ | Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Sumulat ka ng limang dahilan kung bakit mahalaga para sa iyo ang iyong relihiyon.<br> | Maglalaan ng 25 minuto para sa gawaing ito<br>Ipapaliwanag na bilang kasapi ng isang relihiyon, inaasahan na ang mag-aaral ay may lubos na pagkaunawa sa turo o doktrinang itinuturo nito. |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>**Tanong:**<br>1. Sa kabuuan, bakit mahalaga ang relihiyon sa buhay ng isang tao?<br>______________________________<br>______________________________<br>2. Mayroon bang magiging pagbabago sa buhay ng isang tao kung wala siyang relihiyon? Ipaliwanag ang sagot.<br>______________________________<br>______________________________<br>3. Dapat bang pagdebatehan ang paniniwala ng bawat relihiyon, kung sino ang magaling at tama? Bakit?<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Panuto:** Sumasang-ayon ka ba sa kahulugan ng salitang may salungguhit? Kung opo, lagyan ng tsek ( ✓ ) ang patlang at ekis ( X )kung hindi. | Na ang relihiyong ay hindi dapat maging dahilan ng away at hindi pagkakaintindihan bagkus maging kasangkapan sa pagbuo ng isang mabuting pagkatao ng tao.<br><br>Maglalaan ng 5 minuto para sa gawaing ito<br><br>Sagot:<br>1. ✓<br>2. X<br>3. ✓<br>4. ✓<br>5. X |

| | | |
|---|---|---|
| | _____ 1. Ang relihiyon ay isang anyo ng pagsamba. Saklaw nito ang isang sistema ng relihiyosong mga saloobin, paniniwala, at gawain; ang mga ito ay maaaring personal, o kaya'y itinataguyod ng isang organisasyon.<br>_____ 2. Nagkakaroon ng diskriminasyon kung may pagtanggap at pagkilala sa paniniwala ng iba.<br>_____ 3. Ang paniniwala ay nangangahulugang pagtanggap o pagkilala sa isang ideya o bagay bilang totoo.<br>_____ 4. Ang paggalang ay isang mabuting gawi ng isang tao na nagpapakita ng pagpapahalaga sa isang tao o bagay.<br>_____ 5. Ang ugnayan ay makikita sa isang lipunan na walang pagkaka unawaan at interaksiyon sa pagitan ng mga taong naninirahan doon. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: .Pakikipag-ugnayan sa Kapuwa sa Kabila ng Pagkakaiba Tungo sa Mapayapang Pamumuhay**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Panuto: Panoorin ang presentasyon at sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br><br><br>https://www.youtube.com/watch?v=T0FIk6IGrJE<br>1. Ano ano ang mga relihiyong nabanggit sa bidyo?<br>______________________________________________<br>_____________________________________ | Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito<br><br>Magatatagal ito ng labing-isang minute<br><br>Paalala:<br>Ibigay sa mga mag-aaral ang mga gabay na tanong bago pa man ipapanood ang bidyo. Maglaan ng tatlong minuto upang masagutan nila ito at maibahagi sa kalase ang kanilang sagot.<br>Opsiyon 1: Maaari ring gamitin ang bidyo na ito na may kapareho ding paksa na mayroong mas maikling oras. |

2. Mula sa mga nabanggit, saang relihiyon ka nakabilang?

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Sa paanong paraan mo nabibigyang halaga ang iyong relihiyon?

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________

4. Sa paanong paraan mo naman naipapakita ng paggalang sa ibang relihiyon?

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________

Isa sa mga pagkakakilanlan ng tao bukod sa kanyang pangalan, kaarawan, edad, o kasarian ay ang relihiyong kanyang kinaaaniban. Ano ba ang relihiyon? Ang relihiyon ay isang anyo ng pagsamba. Saklaw nito ang isang sistema ng relihiyosong mga saloobin, paniniwala, at gawain; ang mga ito ay maaaring personal, o kaya'y itinataguyod ng isang organisasyon. Kadalasan ang relihiyon ay nagsasangkot ng paniniwala sa Diyos o sa maraming diyos; o dinodiyos nito ang mga tao, mga bagay, mga mithiin o mga puwersa (Cervantes, 2014).
Maraming relihiyon ang kinikilala sa Pilipinas. Bawat isa ay may pinagmulan, may natatanging paniniwala, at paraan ng pagsamba. Ang relihiyon ay nagbibigay-inspirasyon sa maraming nananalig na maglingkod sa iba, na naging malaking kapakinabangan, sa kabuuan, sa mga komunidad at bansa. Ang relihiyon ay nagpapatatag sa kalagayan ng lipunan (Ang Mahalagang Papel Ng Relihiyon Sa Buong Mundo, 2017).
Sa Pilipinas, ayon sa ulat ng *Philippine Statistics Authority (PSA)*, ang 85,645,362 indibidwal 78.8% ng *household population* sa bansa noong 2020 ay Katoliko. Sa isinagawang sensus ng PSA, pumangalawa ang Islam na may 6,981,710 o 6.4% ng populasyon, habang pangatlo naman ang Iglesia ni Cristo na may 2,806,524 indibidwal o 2.6% ng populasyon sa bansa.
Samantala, kasama rin sa sampung relihiyon na may pinakamaraming kasapi ang mga sumusunod:





- Seventh Day Adventist, and Aglipay (0.8%)
- Aglipay (0.8%)
- Iglesia Filipina Independiente (0.6%)
- Bible Baptist Church (0.5%)
- United Church of Christ in the Philippines (0.4%)
- Jehovah's Witness (0.4%)
- Church of Christ (0.4%)


Pag-usapan natin ang Simbahang katoliko
(Salcedo, 2023)
Mapapansin sa ulat na karamihan sa mga Pilipino ay kabilang sa isang relihiyon, ibig sabihin nito ay talagang binibigyang importansya ang relihiyon sa bansa. Ito ay bahagi ng pagkakakilanlan ng tao at may malaking impluwensiya sa kanilang paniniwala, pagpapasya




Opsiyon 2: Kung walang magagamit na internet, maaaring gumamit ng mga pinakaangop na larawan upang maipakilala ang iba't-ibang relihiyong mayroon sa Pilipinas. Gamitin ang mga larawan sa pagsasagawa ng mga aktibidad tulad ng *Trivia*, *4pics-1word* o kaya ay *Matching Type activities* na huhulaan o sasagutan ng mga mag-aaral para sa isang aktibo at makabuluhang talakayan.


| | | |
|---|---|---|
| | at pagpili sa araw-araw, halimbawa ay sa pananamit, pagkain, at mga pagdiriwang. May mga relihiyon na nagrerekomenda ng ilang uri ng pananamit sa araw ng pagsamba, may ilang mga pagkain na ipinagbabawal kainin, at may natatanging pagdiriwang na hindi naman makikita sa iba. Dahil dito, hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng paghahambing patungkol sa ibang relihiyon na maaaring magdulot ng hindi pagkakaunawaan. Isa na rito ay ang diskriminasyon. Ang diskriminasyon batay sa relihiyon ay nauugnay sa hindi kanais-nais na pagturing sa isang tao dahil sa kanyang pananampalataya. (Diskriminasyon Batay Sa Relihiyon, n.d.)<br>Kung patuloy na magkakaroon ng di pagkakaunawaan ang tao tungkol sa relihiyon, mas magiging napakalaking hamon ang pagtupad sa habilin na Iniwan sa atin ni Hesukristo. Nakasaad sa banal na Bibliya (Juan 15:12) nang sinabi ni Hesukristo na “Ito ang aking utos, magmahalan kayo gaya ng pagmamahal ko sa inyo. Walang pag-ibig na hihigit pa kaysa pag-ibig ng isang taong nag-alay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan.”<br>Isang magandang paraan ng pagbubuklod ng iba’t ibang relihiyong ay ang *inter-religious dialogue.* Narinig mo na ba ito?<br>Ang diyalogong ito ay nagpapahiwatig ng pagsasalita at pakikinig, pagbibigay at pagtanggap, kapwa paglago at pagpapayaman.<br>Nakabatay ito sa pagsaksi sa pananampalataya ng isa gayundin sa pagiging bukas sa relihiyon ng iba. Ito ay hindi isang pagtataksil sa misyon ng Simbahan, at hindi rin ito isang bagong paraan ng pagbabalik-loob sa Kristiyanismo.<br>Kasama sa diyalogo ang pagtataguyod ng paggalang, pag-unawa sa isa't isa, at pakikipagtulungan sa pagitan ng mga Katoliko at ng mga tagasunod ng iba pang mga relihiyosong tradisyon; paghikayat sa pag-aaral ng mga relihiyon; at pagtataguyod ng pagbuo ng mga taong nakatuon sa diyalogo. (Staff, 2023)<br>Ano ang iyong pananaw tungkol dito? Sang -ayon ka ba sa *inter-religious dialogue*? Bakit?<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Mga Aral mula sa Relihiyon<br>Pumili ng tatlong aral na natutunan mo mula sa iyong relihiyon na hango sa Bibliya, Qur’an o sa alinmang banal na kasulatang gamit ninyo sa pagsamba na maaaring maging gabay sa wastong pakikipagkapuwa o ugnayan sa iba. Isulat ang eksaktong talata, kabanata o taludtod ng sanggunuang pinaghanguan nito sa kaliwang bahagi ng aklat. At Isulat ang pahayag sa kanang bahagi.<br>Halimbawa: | Ang *link* para sa larawan na ito ay makikita sa Batayang Sanggunian sa Pagkatuto.<br><br>Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito<br>Ang *link* para sa larawan na ito ay makikita sa Batayang Sanggunian sa Pagkatuto.<br>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbasa ng Bibliya o Qur’an o banal na kasulatang ginagamit sa kanilang reihiyon.<br>Kung ang mga mag-aaral ay may iba’t-ibang relihiyong kinaaaniban, mainam na bigyan sila ng oras na maibahagi ang natutunang turo o |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br> <br><br>https://www.deviantart.com/123freevectors/art/Blank-Open-Book-Free-Vector-774338197 | aral mula sa kanilang relihiyon sa kanilang mga kaklase.<br>Istriktong paggabay ng guro ay kinakailangan upang maiiwasan ang diskriminasyon o pagtatawanan sa oras ng pagbabahaginan ng sagot at kaalaman.<br>Gumamit ng *positive feedback* ang guro tulad ng *thumbs up*, *heart gesture*, palakpak o simpleng *yell* upang maipadama ang pagpapahalaga sa pagbabahagi.<br><br>Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito |

| | | |
|---|---|---|
| | **Prosesong Tanong:**<br><br>1. Sa lahat ng iyong isinulat sa aklat, alin ang madali mong naisasabuhay?<br><br>2. Alin naman ang nahihirapan kang isabuhay? Bakit?<br><br>3. Bakit kaya hinihikayat ang tao, ano man ang kanyang relihiyon, na magmahal ng kapuwa?<br><br>4. Ano ang hamon sa iyo ng iyong pagiging kasapi ng Simbahang Katoliko, o Islam, o Iglesia ni Kristo, o iba pang relihiyon base sa mga turo nito?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Mabuting Pakikipag-ugnayan sa Kapuwa<br>Ikaw, paano ka nakikipag-ugnayan sa kapuwa sa kabila ng inyong pagkakaiba?<br>Panuto: Sumulat ng isang karanasan na nagpapakita ng mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa sa kabila ng pagkakaiba tungo sa mapayapang pamumuhay.<br><br>**Prosesong Tanong:**<br>1. Anong magandang aral ang nakuha mo mula sa karanasang ito?<br><br>2. Alin sa mga turo na mula sa iyong relihiyon ang kumakatawan sa iyong naging kilos?<br><br>3. Naipakita mo ba ang paggalang sa paniniwala ng iba?<br><br>4. Ano ang mabuting dulot ng pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kabila ng pagkakaiba ng paniniwala? | Kung walang sariling karanasan ang mag-aaral maaaring magbigay ng isang halimbawa ang guro tungkol sa mabuting pakikipag-ugnayan sa kabila ng pagkakaiba tungo sa mapayapang pamumuhay na madaling makakakonek ang mag-aaral.<br><br>Maaaring ipapanood sa mga mga-aaral ang bidyong ito.<br>*Paggalang sa paniniwala ng iba*. (n.d.). Www.Youtube .Com. Retrieved May 18, 2024, from https://www.youtube.com/shorts/PTnQHKwT-Nc<br><br><br><br><br>Opsiyon: Kung walang magagamit na internet, maaaring talakayin ng |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Pagsasabuhay ng Wastong Paraan ng Pakikipag-ugnayan sa Kapuwa sa Kabila ng Pagkakaiba ng Paniniwala o Relihiyon**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang ibang relihiyon, bagamat may sariling paniniwala ay nararapan na igalang at pahalagahan. Hindi ninyo dapat pagtawanan ang kanilang mga paniniwala, kaugalian, o ginagawa. Igalang ang mga simbolo ng relihiyon na gamit nila sa pagdiriwang at pagsamba. Kung inanyayahan kayong makilahok, magalang na itanong ang maimumungkahi nila kung paano ninyo angkop na magagawa ito.<br>(Ano Ang Ilang Paraan Na Maigagalang Natin Ang Mga Pagdiriwang Ng Ibang Mga Relihiyon?, 2010)<br><br>Paano mo maipapakita ang paggalang sa iyong kapuwa na may ibang paniniwala? Narito ang ilang paraan. (Paggalang Sa Paniniwala Ng Iba, n.d.)<br><br>a. Maging bukas sa pakikinig sa paniniwala ng iba.<br>Handa ka bang magbigay pansin sa pananaw at opinyon ng iba? Kung opo, ibig sabihin ikaw ay bukas sa pakikinig sa paniniwala ng iba. Ito ay isang magandang ugali na makapagbibigay daan sa pagpapalitan ng mga ideya at pagtutulungan sa pag-unlad ng mga relasyon sa lipunan. Sa pamamagitan ng pagiging bukas sa pakikinig, tayo ay nagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa kanilang pinaniniwalaan at nararamdaman, na nagpapabuti sa ating ugnayan at pagkakaunawaan.<br>b. Igalang ang personal na espasyo.<br>Huwag ipilit ang sariling paniniwala sa ibang taong may ibang relihiyon. Ang paggalang sa personal na espasyo ng kapuwa ay ang pagbibigay ng respeto at pag-unawa sa sa kanyang sariling paniniwala at kagustuhan. Ito ay mahalaga sa pagpapahalaga sa dignidad at karapatan ng bawat isa. Sa pamamagitan ng paggalang sa personal na espasyo ng iba, ipinapakita natin ang pag-unawa sa kanilang mga limitasyon, pangangailangan, pagpapasya, at kagustuhan.<br><br>c. Mag-aral o Magsaliksik upang maunawaan ang paniniwala ng iba.<br>Kilalanin mo ang paniniwala ng iba. Sa paraang ito ay maaari mong mabigyan ng halaga ang kanilang paniniwala. Kung sa iyong pagsasaliksik ay natuklasan mo na iba ang kanilang paniniwala hindi ibig sabihin noon na may mali sa kanilang aral na natanggap. bagkos ito ay nangangahulugang na mayroong natatanging katangian ang kanilang relihiyon na nakakapagbukod-tangi sa kanila. Ito ay pagtuklas sa mga saloobin, tradisyon, kultura, at mga karanasan ng iba upang makabuo ng mas malalim na pang-unawa at paggalang. Ang pag-aaral at pagsasaliksik ay isang paraan upang mas maunawaan natin ang paniniwala ng iba na magpapalakas ng ating ugnayan at pakikiisa sa pamayanan. | guro ang mga paraan ng pagpapakita ng paggalang sa iba sa pamamagitan ng powerpoint presentation o kaya naman ay pagpapakita ng mga larawang tumutugon dito.<br>Maaari ring ipagawa ng guro ang mga paraan sa pamamagitan ng simpleng dramatization o role playing ayon sa karanasan ng mga mag-aaral upang lalo silang maka konek sa sitwasyon.<br><br>Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito |

| | | |
|---|---|---|
| | d. Tanggapin, yakapin , at respetuhin ang pagkakaiba sa paniniwala<br>Ang "tanggapin, yakapin, at respetuhin ang pagkakaiba sa paniniwala" ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pagtanggap, pagmamahal, at paggalang sa mga pagkakaiba-iba ng mga tao sa kanilang mga paniniwala, kultura, at tradisyon. Ito ay nagpapakita ng pag-unawa at pagiging bukas sa paniniwalang kanilang isinasabuhay. Sa ganitong kilos, pinapatatag natin ang dignidad ng ating kapwa at iiniwasan ang diskriminasyon na nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan.<br><br>e. Magpakumbaba at magbigay ng malasakit sa kapuwa<br>Lagi nating Isaisip na ang bawat paniniwala ay may makatuwirang batayan. Hindi lamang ang iyong relihiyon ang may matibay at makabuluhang prinsipyo. Tandaan na walang perpekto, kung saan ang bawat relihiyon ay may kakulangan at limitasyon din. Ang pagiging mapagkumbaba mo ay nangangahulugan ng pagsasabuhay mo ng paggalang at pagmamahal sa kapwa na makapagtataguyod ng mas maayos na ugnayan.<br><br>f. Magpakita ng pang-unawa at pagmamahal sa isa’t isa<br>Ang magpakita ng pang-unawa at pagmamahal sa isa't isa ay mahalagang sangkap sa pagpapabuti ng ugnayan sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba ng paniniwala.<br>Ang pagpapakita ng pang-unawa at pagmamahal ay nagpapahiwatig ng kakayahan na tumanggap ng mga pananaw at karanasan ng iba. Bukas ang saloobin na pakinggan ang opinyon tungkol sa isang paksang pinag-uusapan. Ang paraan na ito ay nagbibigay-daan sa paglinang ng mas malalim na ugnayan at pagkakaisa kung saan mayroong pag-aalaga,respeto at pagkilala hindi lamang sa pananaw ng ibang relihiyong kundi pagbibigay halaga sa pagkatao ng kapuwa.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Paggalang sa paniniwala ng iba<br>**Panuto:** Isulat sa kahon ang mga paraang iyong ginagawa upang maipakita ang paggalang sa paniniwala ng iba. | Maglalaan ng 30 minuto para sa gawaing ito<br>Maaaring gawing Takdang-Aralin ang gawaing ito. Ang presentasyon ay gagawin sa loob ng klase. Kung ang mag-aaral ay hindi makagagawa ng bidyo dahil walang kagamitan, maaari na lamang itong isagawa sa pamamagitan ng talumpati.<br>Ang talumpati ay isang sining ng pagpapahayag na sumasalamin sa kakayahan ng tao na makapanghikayat, magpahayag ng kaisipan, at magbigay-inspirasyon sa iba.<br><br>*Link*:<br>Ano ang Talumpati? Examples (Mga Halimbawa). (2024, February 11). Sanaysay Philippines. https://www.sanaysay.ph/talumpati-examples/ |




**Prosesong Tanong:**

1. Ano ang nagiging reaksiyon mo kapag hindi pareho ang prinsipyo ng iyong kausap tungkol sa paksang pinag-uusapan ninyo?

______________________________________________________________________
________________________________________________________

2. Makatwiran ba na pagtalunan ang magkaibang paniniwala? Bakit?

______________________________________________________________________
________________________________________________________

3. Ano ang pangmatagalang epekto ng pagsasabuhay ng wastong paraan ng pakikipag-ugnayan sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba ng paniniwala o relihiyon?

______________________________________________________________________
________________________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Bidyo**<br>**Panuto:** Gumawa ng isang bidyo klip kung saan iyong tatalakayin ang pagsasabuhay ng wastong paraan ng pakikipag-ugnayan sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba ng paniniwala o relihiyon.<br>Mekaniks:<br>1 Ito ay isang pang isahang gawain<br>2. Ang bidyo ay maaaring tumagal ng 1 hanggang 2 minuto lamang<br>3. Maaaring gumamit ng mga *video editing applications*<br>4. Sikaping maging malinaw ang boses upang maunawaan ng mabuti ang mensahe<br>5. Banggitin ang pinaghanguan ng ideya (*source*) kung mayroon man.<br>5. Ipasa ang bidyo sa itinakdang araw at oras<br><br>Rubrik: | |

| | | |
|---|---|---|
| 1. Nilalaman | Malinaw at kumpleto ng mensahe o paksa ng bidyo. Makabuluhan at kaugnay ng nilalaman sa Pangkalahatang layunin ng bidyo. | 5 |
| Presentasyon (Pagpapahayag) | Kahusayan sa pagpapaliwanag, kaakit-akit at kapani-paniwala ang paraan ng paghahatid ng mensahe. | 5 |
| Produksiyon | Kaledad ng bidyo, malinaw ang boses. Mahusay ang pagkaka- edit at paglalapat ng ilang *effects*. | 5 |
| Pagpaplano | Tama sa inaasahang haba ng bidyo at naipasa sa itinakdang araw o oras. | 5 |
| | Kabuuan: | 20 puntos |

| | | |
|---|---|---|
| | **Prosesong Tanong:**<br>Ipaliwanag: Ano ang maidudulot sa lipunan ng isang masiglang ugnayan ng lahat ng tao sa kabila ng pagkakaroon ng magkakaibang relihiyon at paniniwala? | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Ano ang mga wastong paraan ng pakikipag-ugnayan sa kapuwa?<br>________________________________________<br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Bakit mahalagang isulong ang ugnayan sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba ng relihiyong at paniniwala?<br>____________________________________________<br>______________________________________ | |

<table>
<tr><th colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">1. Pagsusulit<br>I. Panuto: Basahing mabuti ang mga sitwasyon at ipahayag ang iyong reaksiyon o pananaw kung tama ba ang naging kilos ng taong sangkot dito. Ibase ang iyong tugon sa iyong natutunan mula sa talakayan.<br><br>1. Naiinis si Andrea sa tuwing nagkukuwento si AJ ng kaganapan sa kanilang simbahan, katwiran niya, hindi naman makaka-relate ang lahat dahil magkakaiba sila ng relihiyon. Ano ang pananaw mo sa sitwasyon?<br>___________________________________________________________<br>______________________________<br>2. Aktibo sa simbahan si Edgar, madalas ay nagpapahayag siya ng aral ng kanilang relihiyon kahit sa mga taong hindi niya kakilala. Binibigyan din niya ng mga babasahin ang mga ito at iskedyul ng kanilang pagsamba. At kung minsan ay inaabutan pa niya ng pera o regalo ang mga tao upang maakit silang makiisa sa gawain ng kanilang simbahan. Ano ang iyong reaksiyon sa sitwasyong ito?<br>___________________________________________________________<br>______________________________<br>3. Bagong mag-aaral si Eric sa kanilang paaralan. Ang una niyang naging kaibigan ay si Rico, isang honor student, mabait at magalang sa kapuwa. Muslim si Rico at Katoliko naman si Eric. Natutuwa si Rico dahil bukas si Eric sa kaniyang mga kaugalian bilang Muslim. Ang hindi niya alam ay nagre-research si Eric tungkol sa relihiyong Islam upang lalo pa niyang makilala at maunawaan ang kaibigan. Ano ang iyong pananaw sa sitwasyong ito?<br>___________________________________________________________<br>______________________________<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Sumulat ng isang pagbubuod mula sa araling tinalakay at isa-isahin doon ang mahahalagang aral na iyong natutunan bilang bahagi ng isang lipunan na may iba't ibang relihiyon at paniniwala. Isulat ito sa iyong kuwaderno</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="4">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="4">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |